Sa buong maghapon ang masama'y nag-iimbot, ngunit ang matuwid ay nagbibigay at hindi nagdada-mot.
Mga Kawikaan 21:26




## Maling saksi:




Ang bulaang saksi ay tiyak na parurusahan, at hindi makakata-kas ang nagsasalita ng mga kasinun-galingan.
Mga Kawikaan 19:5



Ang isang matapat na saksi ay hindi magsisinungaling: ngunit ang isang maling patotoo ay magsasabi ng mga kasinungalingan.
Mga Kawikaan 14:5



Mga sinungaling na labi sa Panginoon ay kasuklamsuklam, ngunit ang gumagawa nang may katotohanan ay kanyang kinalulugdan.
Mga Kawikaan 12:22

Gospelfortheroad.org — Pictures by RichardGunther.org

## Kalapastanganan:


Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan.
Exodo 20:7



Nagisip ka na ba ng anumang masasa-mang kaisipan sa iyong puso? Kung ikaw ay mamatay sa iyong mga kasalanan ngayon, ikaw ay tuluyang mawawala at mahahatulan sa impiyerno.



Ngunit ang mabuting balita ay nagdusa si Hesus, nagbuhos ng kanyang dugo at namatay sa krus upang bayaran ang iyong utang na kasa-lanan. "...siya ay inilibing, at...siya ay muling nab-uhay sa ikatlong araw." 1 Corinto 15:4



Kung ikaw nga ay handang talikuran ang iyong mga kasalanan at tanggapin ang Panginoong Hesukristo, patatawarin ng Diyos ang lahat ng iyong mga kasalanan at bibigyan ka ng bagong puso.

"Magsisi kayo, at manampalataya sa ebanghelyo."
Marcos 1:15





# Ang Pusong Mapanlinlang



Sapagka't sa puso lumalabas ang masasamang pag-iisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, mga pakikiapid, mga pagnanakaw, mga saksi sa kasinungalingan, mga kalapastanganan:
Ito ang mga bagay na nagpaparumi sa tao.
Mateo 15:19-20

## Masasamang kaisipan:




Sapagka't kung ano ang iniisip niya sa kaniyang puso, gayon siya. Kawikaan 23:7


Suriin mo ako, O Dios, at kilalanin mo ang aking puso: subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pagiisip: At tingnan mo kung may anomang masamang lakad sa akin, at patnubayan mo ako sa daan na walang hanggan.
Mga Awit 139:23-24

Nakita ng Panginoon na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama.
Genesis 6:5



## Pagpatay:

Ang mga salita ng masama ay nag-aabang ng dugo, ngunit ang bibig ng matuwid ang nagliligtas sa tao.
Mga Kawikaan12:6



Ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay isang mamamatay-tao, at nalalaman ninyong ang buhay na walang hanggan ay hindi nananatili sa sinumang mamamatay-tao.
1 Juan 3:15





## Pangangalunya:

Walang sariling bait siyang nangangalunya, ang gumagawa niyon ay sarili ang sinisira.
Mga Kawikaan 6:32



Narinig ninyo na sinabi, 'Huwag kang mangangalunya.' Ngunit sinasabi ko sa inyo, na ang bawat tumitingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkasala na sa kanya ng pangangalunya sa kanyang puso.
Mateo 5:27-28





## Pakikiapid:

Umiwas kayo sa pakikiapid. Bawat kasalanang maaaring gawin ng tao ay nasa labas ng katawan; ngunit ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kanyang sariling katawan.
1 Mga Taga-Corinto 6:18



Sapagkat ang mga labi ng mapangalunyang babae sa pulot ay tumatagas, at ang kanyang pananalita kaysa langis ay madulas; ngunit mapait na gaya ng halamang lason sa bandang wakas, tabak na may dalawang talim ang siyang kasintalas. Ang kanyang mga paa sa kamatayan ay palusong; ang kanyang mga hakbang ay nakahawak sa Sheol.
Mga Kawikaan 5:3-5



## Pagnanakaw:

Ang mga kayamanan na mula sa kasamaan ay hindi mapapakinabangan, ngunit ang katuwiran ay nagliligtas sa kamatayan.
Mga Kawikaan 10:2



